

Food Bank --- “Pagtutulungan sa komunidad sa pagbibigay ng pagkain”




■ Isang lugar na hindi kayo mag-aalinlangang pumunta

Ang Food Bank ay programa ng pagtutulungan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain. Sinimulan ng FICEC ang Food Bank mula noong Oktubre ng nakaraang taon. Ang programa ay isinagawa upang ang mga Hapon at mga dayuhang residente ay makapagtulungan at magkaroon ng lugar kung saan di mag-aalinlangang pumunta at marandamang sila ay hindi nag-iisa lalo na sa panahon ngayon. Makikita sa kanang bahagi ang bilang ng mga dayuhang dumalaw at gumamit ng FICEC Food Bank. Malaki talaga ang epekto ng covid-19 pandemic sa ating pamumuhay, lalo na sa mga dayuhang naninirahan sa bansa.

Bukas ang Food Bank sa oras na bukas ang FICEC office.
Lumapit lamang sa sinumang staff ng FICEC:

Lunes ~ Biyernes: 10:00~16:00

Sabado: 10:00~12:00



■ Para mabawasan ang pag-aksaya sa pagkain

Karaniwang naiisip natin na ang Food Bank ay para matulungan ang mga taong mahihirap lalo na mga bata, subalit ang panimula ng Food Bank ay para mapigilan ang pag-aksaya sa pagkain. Ang Food Bank ay pagkolekta ng labis na produksyon ng mga pagkain at mga pagkaing itatapon dahil sa iba't ibang kadahilanan at pamamahagi ng mga pagkaing ito sa mga nangangailangan. May prioridad ang maaring tumanggap ng mga pagkain, subalit kung may mga labis na pagkain na hindi naayon sa nangangailangan o kaya hindi nila kayang magluto at iba pa, palalawakin ang patutunguhan ng supply na pagkain upang maiwasan ang pagtatapon ng mga pagkaing nabanggit.

Maaring tumanggap mula sa Food Bank ang mga lokal na asosyasyon kagaya ng asosyasyon para sa mga bata, grupo ng mga batang lalaki sa sports association, at mga support organization kagaya ng FICEC at iba pa.



■ Pakikipag-ugnayan sa mga dayuhan at pagtutulungan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain

Ang tema ng food bank ng FICEC ay “Sama-sama tayong kumain” kaysa pagbibigay lamang ng pagkain. Ang mga pagkain ay libreng ibinibigay. Kaalinsabay ng FICEC ipagpatuloy natin ang pakikipag-ugnayan sa mga dayuhang residente at pagkakaroon ng pagtutulungan sa ating komunidad.

Mga damit, gamit sa eskuwela at iba pang natanggap bilang donasyon sa FICEC ay ibinibigay sa mga nangangailangan

Sa pagbisita ninyo sa FICEC kung kailangan ng pagpapayo, pag-aaral ng Nihongo, international children’s club, pagsasalin, at iba pa huwag mag-atubiling bisitahin din ang “FICEC Food Bank” o “Bazaar Corner”.





Pumunta ako sa pension office para sa pagtanggap ng aking pensyon pero sinabihan ako na di ko matanggap ang aking pensyon sa dahilang iba ang ang nakalagay na pangalan.

Kung ang inyong pangalan ay nakasulat sa alpabeto, maaring ang pagkasulat ng inyong pangalan ay hindi pareparehas sa inyong resident card, pension book, bankbook, o social insurance. Sa pagpunta upang tanggapin ang inyong insurance ay sasabihin sa inyo na hindi magkaparehas ang pagkasulat ng inyong pangalan.

Gayundin sa ibang banko, ang inyong pangalan sa bankbook ay nakasulat sa katakana. Ang pangalan sa inyong residence card ay binabase sa passport. Sa pagsulat sa bankbook o mga dokumento ng pension at mga insurance, tandaan lamang na isulat sa parehas na notasyon ng katakana. Itala ito para hindi ninyo makalimutan. Sakaling mapansin na naiiba ang pagkasulat, asikasuhin na mabago ito bago dumating ang maturity ng inyong pension o insurance.

Isa akong ina na may resident visa at ang aking anak ay Hapon ang nasyonalidad. Sa susunod na taon ay magiging 20 taong gulang na ang aking anak. Mawawalan ba ng bisa ang aking resident visa?

Depende sa iba't ibang kaso, ang resident visa ng ina ay maaring mawalan ng bisa sa pagtuntong ng 20 taong gulang ng anak. Sa prinsipyo, ang resident visa ay ibinibigay kung kayo ay may trabaho at kayang suportahan ang sarili. Magsadya lamang sa Immigration Office para malaman ang detalye tungkol sa inyong sitwasyon.

Subukan nating kumuha ng Japanese language test!

Sinumang nag-aaral ng Japanese!

Kung nais ninyong malaman ang lebel ng inyong kaalaman sa Japanese!

Ang pagkuha ng test para malaman ang inyong lebel sa Japanese

Japanese Language Proficiency Test (JLPT) <https://www.jlpt.jp/>



Sa pagkuha ng test na ito ay magkakaroon kayo ng sertipikasyon ng lebel ng kahusayan sa Japanese. Para ito sa mga dayuhan na ang wikang Hapon ay hindi nila sariling wika. Ang lebel ng test ay mula N5 hanggang N1. Ang sistema ay pagmarka ng tamang sagot. Matatanggap ang resulta pagkatapos ng 2 buwan.

Ika-2 pagsusulit sa: Disyembre 5 (Linggo)
<Aplikasyon hanggang Setyembre 16 (Huwebes) 17:00>

Japan Foundation Japanese Basic Test (JFT-Basic) <https://www.jpff.go.jp/jft-basic/>


Ang test na ito ay para sa mga dayuhang pumunta ng Japan para magtrabaho at magsisilbing batayan kung sila ay may akmang kaalaman sa wika sa pang-araw-araw na gamit at may kakayahang makapamuhay dito sa bansa. Sa pagkuha ng test ay gagamit sila ng computer sa pagsagot sa mga katanungan. Ang kabuuang resulta ng marka ay malalaman kaagad at ipapakita sa screen pagkatapos ng test. Maari ding kumuha ng nasabing test dito sa Japan simula sa Marso 2021.

※Para makakuha ng status of residence “Specific skill No. 1”, kailangang ipasa alin man sa Japanese Language Proficiency Test (N4 o higit pa) o ang test ng Japan Foundation Japanese Language Basic Test.

Café FICEC Only English Café

Pagtitipon na ang lahat ng pag-uusap ay gagawin sa English

Inaanyayahan sinuman na may interes sa wikang English maging bihasa man o hindi



Isasagawa ang lubos na pag-iingat para makaiwas sa COVID 19. May limitasyon sa bilang ng tao kung kaya't maraming lamang ng ma

* Setyembre 18 (Sabado) 2:00 ~ 4:00 p.m.
* (FICEC) Fujimino Int'l Cultural Exchange Center

chaa (tea):
新型コロナウイルス感染拡大防止のため、延期となりました。 56-4290

Pagbabago ng FICEC Office

